

# PROLOGUE

“Tho, pagbilhan mo nga ako ng dalawang stick ng--” nakangiting sabi ni Mr. Eduardo Zaragosa sa kanyang paboritong cigarette vendor sa harap ng simbahan ng De La Strada. Hindi pa man natatapos ang sasabihin niya ay mabilis nang naiabot ng binatilyo ang brand ng sigarilyong laging binibili ng kanyang suki.

Pansin na pansin naman ng anak na babae ni Mr. Zaragosa ang maingat na pag-aabot ng lalaki sa binili ng ama. At hindi nakatakas sa kanyang matalas na paningin ang isang pulang balat sa kanang kamay ng batang lalaki.

Hindi rin naman nalingid sa binata ang pagmamasid niya rito kung kaya’t napatingin ito sa kanya na siya naman niyang ikinagulat. Bigla niyang ipinukol ang tingin sa mga nagdaraanang tao upang matakasan ang pagtatagpo ng kanilang mga mata. Nakaramdam ng kaunting pagkapahiya ang binatilyo kaya itinuon ang isip sa kanyang mga tinda.

Papaalis na sana sina Mr. Zaragosa nang mapansin ni Allan na sobra ang bayad nito sa kanya.

“Mama, sobra po ang ibinayad ninyo sa akin,” sabi niya habang nakalahad sa kanyang kamay ang perang tinutukoy.

Nakaramdam ng munting paghanga ang lalaki sa honesty ng batang kaharap. Alam niya kung ibang bata lang iyon, marahil

ay hindi na magdadalawang-isip pang itatago na lang basta. Pero iba ang batang iyon.

“Sige, Iho, itago mo na ‘yan,” nakangiting sabi ni Mr. Zaragosa.

“S-Salamat ho,” medyo nahihiya pang sagot ng batang lalaki.

Pagkatapos noo’y binalingan naman ng lalaki ang kanyang anak. “O, Patricia, saan mo gustong kumain?” masuyo niyang tanong.

“Sa Carl’s Jr. na lang, Daddy.”

Iyon lang at naglakad nang papalayo si Mr. Zaragosa hawak-hawak ang kamay ng kaisa-isa niyang anak na si Patricia. Tanaw pa ni Allan hanggang sa kanyang kinatatayuan ang pagsakay ng mga ito sa kanilang kotse.

*Ang cute talaga niya*, bulong niya sa sarili. Hindi kasi niya mapigilan ang paghanga sa kagandahan ni Patricia Zaragosa. Sa murang edad na labing-isa ay mababanaag na ang taglay nitong kayumihan. Ang makita lang niya ito ay sapat na para sa kanya, sa ngayon.

Noon ay tahimik lang siyang nakamasid sa masayang mag-anak. Yaon ay hindi naman bago sa kanya. Lagi niyang nasasaksihan ang mga ganoong tagpo pagkatapos magsimba ng pamilya Zaragosa. Masaya na siya sa ganoon. Sa tuwi-tuwinaang nakikita niya si Patricia.

Lagi niya itong tinitingnan, sinusubaybayan. Isang araw nga ay gustung-gusto niya pa itong lapitan pero naalala niya, hindi puwede. Magkaiba sila ng estado sa buhay. Si Patricia ay nabibilang sa isang buena familia. Samantala siya ay isang hamak na tindero lamang ng sigarilyo. Pero alam niya na hindi siya mananatili na ganoon lamang. Aangat siya, uunlad. Hindi niya alam kung paano, basta ang alam niya’y kakayanin niyang lahat iyon, mapalapit lamang sa babaeng nagsisilbing inspirasyon sa kanya.

“Dear, nakausap mo na ba si Mrs. Buenavista tungkol sa mga bago niyang order?” biglang tanong ni Mrs. Blanca Zaragosa sa asawa pagsakay nila sa kotse.

Nasa furniture business kasi sila, isang negosyong namana pa ni Mr. Zaragosa sa kanyang mga magulang at ngayon na talagang malayo na ang nararating nito ay sinubukan naman nilang mag-export ng kanilang mga produkto lalo na ang rattan dahil mas in demand ito sa ngayon.

“A... oo. Actually, may luncheon meeting pa kami bukas kasi parang nagkakalabuan sa presyo. In short, hindi pa close ‘yung transaction,” may kaunting pagkainis ang tono ni Ed nang sabihin ito.

“Bakit naman ganoon, hindi ba dati na natin silang kliyente? Dapat by now, alam na nila ‘yon,” parang naiiritang sabi pa ni Blanca.

Kanina pa hindi mapakali si Patty, palayaw ni Patricia. Para siyang biglang kinabahan, kinutuban. Hindi niya alam kung bakit, pero parang may nagsabi sa kanyang dapat silang bumalik sa De La Strada.

“Mommy--” pagputol niya sa pag-uusap ng kanyang mga magulang.

“Honey, what’s wrong?” takang tanong ng kanyang mommy.

*Bumalik tayo, ‘Ma, please.* Iyon ang mga katagang nais sabihin ni Patty subalit hindi iyon ang lumabas sa kanyang bibig. Sa halip ay iba ang kanyang isinagot. “Nagugutom na talaga ako.”

Ilang minuto pa ay nakaupo na silang mag-anak sa loob ng Carl’s Jr. Kumakain na silang lahat pero bakit parang hindi pa rin naalis ang nadamang kaba niya mula kanina.

Samantala, nasa loob naman ng Intensive Care Unit ng isang ospital ang nag-aagaw-buhay na labing-limang binatilyo na kani-kanina lamang ay nakatunghay sa mag-anak.